

RESOURCE KIT PARA SA MGA MANGGAGAWA



Nagdulot ng grabeng epekto sa usapin ng karapatang pantao ang pandemya at mga nangyayaring humanitarian crisis.

Malaking bilang ng mga mamamayang apektado ng ganitong sakuna ay tumaas sa mga nakalipas na mga taon. Kung hindi ito maiwawasto, ang impact nito sa buhay ng mga tao ay lilikha ng matinding paghihirap, kawalan ng hustisya at kalunos-lunos na kalagayan. Ang pinaka apektado rito ay ang mga essential workers at mga frontliners. Nakita natin ito sa mga outbreak na nangyari sa mga meatpacking plants sa Alberta, partikular sa Cargill at JBS, kung saan ang mga pansistemang balakid, kasama na ang di-maayos at di-ligtas na kondisyon sa trabaho, kawalan ng kaseguruhan sa trabaho at iba pang vulnerabilities, paglala ng rasismo sa loob at labas ng mga pinagtatrabahuhan ay lumala dulot ng pandemya.

Ang pag-igpaw sa krisis dulot ng Covid-19 ay isang malaking hamon sa maraming bansa at mga negosyo. Ang mga paglabag sa karapatan at pang-aabuso ay naging sanhi at nagdulot ng pinsalang pisikal, mental anxieties, at epektong sikolohikal, lalo na yaong mga nasa laylayan ng lipunan

Sa Alberta, 12 protected grounds ang saklaw ng Alberta Human Rights Act (AHR Act) ang nagbabawal sa diskriminasyon sa trabaho hinggil sa lahi, kulay, ancestry, lugar na pinanggalingan, pananampalataya, kasarian, aydentidad na pangkasarian, ekspresyong pangkasarian, edad, pisikal at pangkaisipang kapansanan, estadong marital, etadong pampamilya, pinanggagalingan ng kita , at oryentasyong sekswal.

Ang mga employers ay inaasahan na lumikha ng isang inklusibong lugar ng trabaho (workplace) na rumerespeto sa dignidad ng bawat indibidwal. Sa ilalim ng AHR Act, ang mga manggagawa ay may karapatan na:

1. Magtrabaho sa isang respetado at inklusibong work environment na malaya sa diskriminasyon
2. Ma-accommodate base sa kanilang pangangailangan na may kaugnayan sa mga protected grounds
3. Magreklamo sa Alberta Human Rights Commission kung naniniwala silang may nangyaring diskriminasyon base sa anumang protected ground.



BATAYANG KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWA

Ang lahat ng manggagawa sa Canada ay may tatlong batayang karapatan:

1. Karapatang Maka-alam (Right to Know)
2. Karapatang Lumahok (Right to Participate)
3. Karapatang Tumanggi sa Di-Ligtas na Trabaho (Right to Refuse Unsafe Work)

1. Ang Karapatang Maka-alam (Right to Know)

Mayroon kang karapatan na malaman ang anumang panganib na dulot ng iyong trabaho at paano maproktahan ang iyong sarili

2. Ang Karapatang Makilahok

Mayroon kang karapatang makilahok sa mga pagsasanay tungkol sa kalusugan at kaligtasan (Health and safety training) at i-report ang anumang di ligtas na gawain.

3. Ang Karapatang Tumanggi sa Di-Ligtas na Trabaho

Mayroon kang karapatan na tumanggi sa anumang trabaho na hindi ligtas at maglalagay sa iyo o sa iyong mga kasamahan sa panganib.

Mga katanungang maaaring makatulong:

Manatiling ligtas:

- Nagkaroon ka na ba ng pagsasanay sa trabahong gagawin?
- Masyado bang mabilis ang training o mahirap itong unawain?
- Mayroon ka bang PPE (Personal Protective Equipment)?
- Alam mo ba kung ano ang gagawin kapag may emergency?
- Kilala mo ba ang iyong supervisor at/o iyong manager kung ikaw ay may nais na iparating?

Manatiling Malusog:

- Maayos ba ang iyong pakiramdam o may mga sintomas ka ng COVID-19?
- Alam mo ba ang inyong patakaran sa opisina/trabaho kapag may nagkasakit?
- Ikaw ba ay nagpi Physical Distancing?
- Ikaw ba ay nag-iingat tulad ng pag-sanitize ng work spaces, paghuhugas ng kamay at pagsusuot ng mask?



Mga Paalala Habang nasa Trabaho:

- Ipaalam sa iyong supervisor kung may nakita kang anumang bagay na magbibigay panganib sa trabaho
- Kung ikaw ay hindi okay dahil ang iyong trabaho ay hindi ligtas, o nakaranas ka ng diskriminasyon, sabihin ito agad sa iyong supervisor, manager o sa Human Resources (HR)
- Alamin ang mga impormasyon tungkol sa diskriminasyon sa pagtatrabaho o harassment , kasama rito ang abusong pisikal o mental mula sa iyong mga kapwa manggagawa o customers.
- Mahalaga ang iyong mental health. Tiyakin na may makakausap ka kung nakakaramdam ka ng stress, o pakiramdam na ikaw ay na-bully o kaya ay di mapalagay at nangangamba.

MGA KARAPATAN NG ESSENTIAL WORKERS

Bilang isang essential worker, may mga batas na nagpoprotekta sa iyo dito sa Alberta at sa Canada. Mahalagang malaman mo ang iyong mga karapatan sa trabaho at mga responsibilidad ng iyong employer.

Bilang manggagawa, may karapatang kang:

- Tumanggi sa anumang trabaho na sa paniniwala mo ay hindi ligtas para sa iyo at para sa iyong kasamahan
- Bayaran ka sa anumang trabaho na ginawa mo
- Mabigyan ng training, kung kailangan mo ito, para magawa mo ng ligtas ang isang trabaho
- Maging malaya sa anumang harassment sa iyong lugar na pinagtatrabahuhan
- Itago ang iyong pasaporte at work permit
- Magkaroon ng isang ligtas na lugar sa pagtatrabaho
- Malaman ang mga hazards o panganib na nasa iyong lugar ng pinagtatrabahuhan.

Ano ang dapat kong gawin para maging ligtas sa pagtatrabaho?:

- Lumahok sa mga naka-schedule na occupational health and safety trainings
- Lulat ang mga di ligtas na kondisyon o mga gawain sa trabaho at hindi maparusahan sa pag-report nito
- Humingi ng training kung hindi mo alam gawin ang isang bagay na pinagagawa sa iyo
- Umiwas sa anumang karahasan sa loob ng lugar ng trabaho
- I-report ang anumang di ligtas na gawain sa trabaho



Ano ang dapat mong asahan sa iyong employer?

Responsibilidad ng iyong employer na:

- Bayaran ka sa iyong pinagtrabahuan
- Tiyakin na ang workplace ay ligtas
- Magbigay ng anumang personal protective equipment (PPE) na kailangan mo para maging ligtas ka habang nagtatrabaho
- Respetuhin at sundin ang anumang nakasaad sa iyong nakasulat na kontrata

Hinid pwedeng gawin ng iyong employer ang mga sumusunod:

- Pilitin ka na gumawa ng isang trabaho na hindi mo naman trabaho o wala kang pagsasanay o training para gawin ito
- Pilitin kang magtrabaho kung ikaw ay may sakit o napinsala (injured)
- Kunin ang iyong passport o work permit mula sa aiyo
- I-deport ka mula sa Canada
- Baguhin ang iyong immigration status
- Ipabalik sa iyo ang mga nagastos niya sa pag hire sa iyo

Para sa karagdagang impormasyon:

Canadian Centre for Occupational Health and Safety - www.ccohs.ca

Alberta Human Rights - <https://albertahumanrights.ab.ca>

Centre for Public Legal Education in Alberta - <https://www.cplea.ca/rightsatwork/10-rights-you-probably-didnt-know/>

PAG-UULAT (REPORTING)

Mahalaga na ang mga manggagawa na nag-uulat ng reklamo tungkol sa harasment o diskriminasyon ay magbigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa nangyari. Ang pangalan ng testigo ay dapat mai-record sa oras na inihain ang reklamo sa isang internal workplace investigation o sa isang pormal na human rights complaint sa Alberta Human Rights Commission. Ang reklamo ay dapat gawin sa Alberta Human Rights Commission sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kalian nangyari ang diskriminasyon.



Nangyayari ang harassment kung nagkaroon ng di-mapag-anyayang berbal o pisikal na gawain laban sa kanya. Maaari din itong mangahulugan bilang isang gawain kung saan ang isang tao ay inabuso, tinakot, nanganib, o sinaktan. Ipinagbabawal ang mga gawaing ito sa Alberta ayon sa AHR Act. Ang tatlong workplace harassment ay ang mga sumusunod: berbal/nakasulat, pisikal o Biswal.

Lahat ng manggagawa sa Canada ay protektado ng mga batas sa Canada. Seryosong klinikal na mga batas sa Canada ang pag-abuso sa mga temporary foreign workers (TFWs). Ang mga employers na nag-aabuso ng mga manggagawa o ng programa ay maaaring maharap sa parusa o ma-ban na sa programa.

Mga bagay na dapat malaman kapag gumagawa ng report

- Mahalaga na ipaalam ang ang lahat ng impormasyon hanggat maaari
- Ang impormasyon na iyong ibabahagi ay protektado ng privacy laws dito sa Canada
- Hindi pwedeng ipaalam ng gobyerno sa employer o sino man sa iyong pinagtatrabahuhanang sinumang nag report
- Hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan, phone number o LMIA/work permit number para mag-report
- Hindi ka pwedeng kontakin o ibahagi ang iyong impormasyon ng wala kang pahintulot
- Dahil sa ito ay pribadong usapin, hindi nila maaaring sabihin sa iyo ang estado ng report o ulat.

Mga impormasyon na kailangan para gumawa ng report o ulat

- Pangalan, address, at phone number ng negosyo o ng organisasyon
- Pangalan or posisyon ng mga taong nasangkot
- Ang ang nangyaring abuso

Iba pang pamamaraan para i report ang anumang abuso:

- Telepono
- Personal
- Sulat

Ang karapatang pantao ay isang karapatang nakuha sa pagiging buhay samantalang ang karapatang sibil at nakamit bilang isang ligal na myembro ng isang politikal na estado o bansa. Ang victimization discrimination naman ay kung tinrato ka ng masama o hinaras ka dahil sa ginawang reklamo tungkol sa diskriminasyon o tumulong ka sa sinumang naging biktima ng diskriminasyon.



HELPLINES IN ALBERTA

Basic Needs, Labor Issues, Accessing Community Resources

Basic Information & Referral System

211 (24/7)

Cargill Food Union Representative, High River

Joe Attwood & Devin Yeager
1-888-468-6466

ActionDignity

915 33 St., NE, Calgary, AB T2A 6T2 | Phone:
403-263-9900
www.actiondignity.org

Migrante Alberta

403-392-8286
www.migrantealberta.ca/

Legal Counseling & Information, Human Rights, Basic Needs, Health Care

Worker Resource Center

440 - 999 8th St., SW Calgary, AB T2R 1J5
403-264-8100
www.helpwrc.org/

Alberta Civil Liberties Research

2500 University Drive, NW, Calgary, AB T2N 1N4
403-220-2505
www.aclrc.com/navigating-the-legal-system

Women's Centre of Calgary

39 4 St., NE, Calgary, AB, T2E 3R6
403-264-1155
www.womenscentrecalgary.org

Calgary Immigrant Women's Association

200 - 138 4 Ave., SE, Calgary, AB T2G 4Z6
403-263-4414
www.ciwa-online.com

Settlement, Newcomers, Immigrants, Refugees, Job Search, Employment & Language Training

Centre for Newcomers

125 - 565 36 St., NE, Calgary, AB T2A 6K3
403-569-3325

The Immigrant Education Society (TIES)

3820 - 32 St., NE, Calgary, AB T1Y 7L9
403-291-0002 | 403-235-3666
www.immigrant-education.ca

Calgary Bridge Foundation For Youth (CBFY)

203 - 602 11 Ave., SW, Calgary, AB T2R 1M7
403-230-7745
www.cbfy.ca

Financial, Jobs Search, Homelessness, Seniors

Alberta Supports (Alberta Income Support)

Toll-Free 1-877-644-9992 (In Alberta)
TTY 1-800-232-7215 Toll-free in Alberta
TTY 780-427-9999 Edmonton

Alberta Works Centre

9499 137 Ave., NW, Edmonton, AB T5E 5R8
780-422-9440

Health and Mental Wellness

Distress Centre of Calgary (24-hour crisis line)

999 8th St., SW, Calgary, AB T2H 1J5
403-266-HELP (4357)

Alberta Supports

Call Alberta Supports: Help is available in more than 100 languages

Call between 7:30 am to 8 pm (open Monday to Friday, closed statutory holidays)

Toll free: 1-877-644-9992 (in Alberta)

TTY – ask to speak to Alberta Supports.

TTY: 1-800-232-7215 toll free (in Alberta)

TTY: 780-427-9999 (Edmonton)

www.alberta.ca/alberta-supports.aspx

Athabasca Alberta Supports Centre

3rd Floor Duniece Centre, 4810 50 St., Athabasca, Alberta T9S 1C9
780-675-2243
www.css.athabascado.gov.ab.ca

Barrhead Alberta Supports Centre


Provincial Building, 6203 49 St., Barrhead, Alberta T7N 1A4
780-674-8345
www.css.barrheaddo@gov.ab.ca

Bonnyville Alberta Supports Centre

5401 44 St., Bonnyville, Alberta T9H 2G3
780-826-4175
www.css.bonnyvilledo@gov.ab.ca

Brooks Alberta Supports Centre

200 - 600 Cassils Road East, Brooks, AB T1R 1M6
403-362-1278
www.css.southreg@gov.ab.ca



HELPLINES IN ALBERTA

Health and Mental Wellness (CONT.)

Calgary Central-Lancore Alberta Supports Centre

Main Floor Lancore Building, 1021 10 Ave., SW

Calgary, AB

403-297-2094

www.css.ds-calgary@gov.ab.ca

Calgary East - Westland Alberta Supports Centre

Main Floor Westland Professional Centre

2752 Sunridge Way, NE , Calgary AB, T1Y 0A5

403-297-1907

TTY 1-800-232-7215

www.ds-calgary@gov.ab.ca

Calgary North - One Executive Place Alberta Supports Centre

1816 Crowchild Trail NW, Calgary, AB T2M 3Y7


403-297-7200

www.css.ds-calgary@gov.ab.ca

Calgary South - Heritage Square Alberta Supports Centre

403-297-2020

www.css.heritage@gov.ab.ca



Ang proyektong ito ay sinuportahan ng ating funding partner:



Binibigyang pansin at tinutugunan ng **BRAVE Workers Program (Believe in the Rights and Value of Essential Workers)** ang mga hamon at balakid na kinakaharap ng mga racialized essential workers sa mga meat-packing plants upang tiyakin na naipapatupad ang kanilang mga karapatang pantao at karapatan sa pagtatrabaho. Nais ng proyektong BRAVE Workers na makatulong para mabawasan ang tinatawag na racial inequities na pinalala pa ng COVID-19 sa pamamagitan ng mga gawain para sa pagbabago ng sistema, kung saan ang mga komunidad ay patuloy na nakikipag-ugnayan sa mga stakeholders, mga unyon at grupo ng mga manggagawa, mga service providers at mga ahensya ng gobyerno.

Credits:

- Amaka Agonsi, Catamount Fellowship for Emerging Changemakers, Mount Royal University
- Marilou Roxas, Community Support Workers Program, AGA Academy
- Juanito Gegajos, The Immigrant Education Society
- BRAVE Workers project team, ActionDignity

Sources:

- Alberta Human Rights -<https://albertahumanrights.ab.ca/>
- 10 Rights at Work You Probably Didn't Know You Have in Alberta - <https://www.cplea.ca/rightsatwork/10-rights-you-probably-didnt-know/>
- Canadian Centre for Occupational Health and Safety -<https://www.ccohs.ca/>
- Fronteirs -<https://www.frontiersin.org/>
- Our work on human rights in humanitarian action, United Nations, Workers Rights <https://www.ohchr.org/en/humanitarian-crises/our-work-human-rights-humanitarian>

